State of California-Health and Human Services Agency
Department of Health Care Services
P.O. Box 989009, West Sacramento, CA 95798-9850

Mahalagang Impormasyon Para sa Mga Taong May Kapansanan at Mga Senior

Ikaw ba ay nagpapatingin sa isang doktor ng Medi-Cal bago nag-enroll sa planong pangkalusugan?
Maaari ka pa rin magpatingin sa doktor na iyon nang hanggang 12 buwan habang ikaw ay nasa planong pangkalusugan basta't ang doktor ay sumang-ayon na makipagtrabaho sa planong pangkalusugan. Kung nais mo pa rin magpatingin sa doktor na iyon, sundin ang mga hakbang na ito:

- Tawagan ang iyong bagong planong pangkalusugan – tingnan ang susunod na pahina para sa mga numero ng telepono ng iyong planong pangkalusugan
- Sabihin sa iyong planong pangkalusugan na nais mo pa rin magpatingin sa iyong Medi-Cal na doktor
- Sabihin sa iyong planong pangkalusugan ang pangalan ng iyong Medi-Cal na doktor
- Kailangang makipag-ugnayan sa doktor ang planong pangkalusugan sa ngalan mo at sabihin sa iyo kung maaari ka pa rin magpatingin sa doktor na iyon
- Kung umayaw ang planong pangkalusugan, tanungin sa kanila kung paano magsampa ng reklamo

Ang iyong planong pangkalusugan ay maaaring makatulong sa iyo na makakuha ng:

- Tulong sa paghahanap ng transportasyon papunta at mula sa tanggapan ng doktor
- Nakasulat na mga dokumento sa ibang mga format, kasama na ang Braille, audio, at malalaking titik
- Tulong na sagutin ang iyong mga tanong sa iyong wika, kasama na ang American Sign Language

Maaari kang pumili ng doktor na nakakatugon sa iyong mga pangangailangan para sa madaling pagpasok o paggamit (accessibility).
Tawagan ang iyong planong pangkalusugan para sa impormasyon tungkol sa mga provider na nakakatugon sa iyong mga pangangailangan para sa madaling pagpasok o paggamit, kasama na ang:

- Madaling magamit na mga paradahan
- Mga rampa sa gilid ng bangketa at iba pang mga rampa
- Mga pintuan na sapat ang lawak ng bukasan para sa isang wheelchair o scooter
- Mga silid para sa pagsusuri na madaling magamit
- Mga lamesa para sa pagsusuri at mga timbangan na madaling magamit

Ang direktoryo ng provider ng iyong planong pangkalusugan ay maaaring may mga simbolo din upang mapadali para sa iyo na pumili ng provider na naghahandog ng mga opsyon sa listahan sa itaas. Tingnan ang direktoryo ng provider ng iyong planong pangkalusugan para sa listahan ng mga simbolo at kung ano ang kahulugan ng bawat simbolo.

Upang tawagan ang iyong planong pangkalusugan, mangyari lamang gamitin ang mga sumusunod na numero:

Pangalan ng Plano	Telepono	TDD/TTY
Health Plan Name	(XXX) XXX-XXXX	(XXX) XXX-XXXX

Kung kailangan mo pa rin ng karagdagang tulong, mangyaring tumawag sa Tanggapan ng Ombudsman ng Medi-Cal sa (888) 452-8609 mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Lunes hanggang Biyernes.

Kung tanggihan, bawasan, o hininto ng iyong plano ang mga serbisyo, maaari kang magsampa ng reklamo sa iyong planong pangkalusugan. Kung hindi ka mabigyan ng kalutasan, may karapatan ka para sa isang State Hearing. Maaari kang magsampa ng isang State Hearing sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 952-5253 o TDD/TTY (800) 952-8349 mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Lunes hanggang Biyernes.